

SSS Forum Highlights

3:00PM, 28 October 2012

Philippine Embassy Multi-Purpose Hall

Speakers: Ms. Judy Frances See (Senior Vice-President, International Operations, SSS) & Mr. Emilio de Quiros, Jr. (President and CEO of SSS)

PAUNAWA: Bago po kayo paangunahan ng bukgso ng inyong damdamin at bombahin ito ng komento, pinakikiusapan ang lahat na **ating palawakin ang ating pang-unawa at basahin nang maigi ang mga kaugnay na paliwanag.**

I. Background


Ang Social Security Agreement sa pagitan ng Pilipinas at South Korea ay isinagawa pa noong 2005.

Bakit ito isinagawa?

Kaugnay ang reciprocity agreement ng dalawang bansa, kinakailangang nakakatanggap ng kaukulang benepisyo ang dalawang partidong kabilang sa nasabing agreement. Ibig sabihin nito, kung ang mga Pilipinong nagtatrabaho dito sa Korea't naghuhulog ng kaukulang National Pension Insurance contribution ay nakakatanggap ng lump sum payment (i.e., kukmin) matapos ang kanilang allowed employment period, **kinakailangan ding makatanggap lump sum payment ng mga Koreanong nagtatrabaho't naghuhulog ng SSS contribution sa Pilipinas.** Subalit, hindi ito nangyayari. Bagama't totoong nakakatanggap ng lump sum kukmin ang mga Pilipinong manggagawa sa Korea, ang kanilang counterpart (Koreanong nagtatrabaho sa Pilipinas) ay hindi narerefund ang kanilang contribution once na sila'y umalis sa Pilipinas.

Sangayon sa charter ng SSS, ang SSS bilang isang National Pension Institution ng Pilipinas, ay magbibigay lamang ng **pension** sa kanilang mga members. Ibig sabihin, makukuha o marerefund lamang nila ang kanilang contributions kapag sila'y umabot na ng 60 taong gulang.

Isa sa pagkakamali ng National Pension Service ng Korea'y hindi nila nasuring mabuti ang patakaran ng SSS sa Pilipinas. Simula ng naipatupad ang bilateral agreement sa pagitan ng 2 bansa, inakala ng NPS Korea na ang nakukuha rin ng Korean nationals ang kanilang contributions sa SSS gaya ng kanilang patakaran sa mga Pilipinong manggagawa sa Korea. **Nang malaman ito ng NPS, nagpahayag sila na dahil lopsided ang reciprocity agreement, ititigil na rin nila ang pagbibigay ng lump sum payment**



sa mga Pilipinong manggagawa dito sa Korea.

Ano ang implikasyon nito?

Dahil hindi pa naipapatupad ang agreement, maaaring magwithdraw ang NPS sa nasabing bilateral agreement at maaaring itigil nila ang pagbibigay ng lump sum payment sa mga manggawang Pilipino dito sa Korea. Ibig sabihin, magbabayad kayo ng kukmin dahil ito'y isang requirement sangayon sa batas ng Korea, subalit hindi na ninyo ito marerefund.

Upang maiwasan ito, nilalayong protektahan ng gobyerno ang kapakanan ng mga Pilipinong manggagawa kung kaya naman ay isinagawa ang agreement na nabanggit.

Layunin

Ang layunin ng agreement na ito'y protektahan ang kinabukasan ng mga manggawang Pilipino. Nang sa ganoon ay may makukuha silang pera sa kanilang pagtanda.

II. Probisyon ng Social Security Agreement (SSA)

1. Equality of treatment

- Gaya ng nabanggit sa itaas, nilalayan nitong maging patas ang pagtrato sa mga Pilipinong nasa ibang bansa at patuloy na maprotektahan ang kanilang karapatan sa social benefits.

2. Export of benefits

- Kadalasan, kapag walang bilateral agreement sa pagitan ng 2 bansa, hindi na mapoprotektahan ang inyong karapatan para sa social benefits.

- **Lahat ng mga manggagawa'y dapat entitled sa pension kahit na umalis ng bansang pinagtatrabahuhan.** Subalit, hindi ito mangyayari kung walang agreement sa pagitan ng mga bansa.

3. Totalization of insurance periods and pro-rata sharing

Based on US\$ 700 monthly earnings		Amount in PhP
Estimated Refund (without SSA)		222,000
Estimated Pension (with SSA)		5.9-million

Age of Entry in Korean NPS	Annual Interest Rate (for Refund = Pension)*
20 years old	11%
30 years old	15%
40 years old	29%

* Assuming refund is fully invested until age 60
Assumptions:
1. No. of credited service yrs.: 7 under NPS; 3 under SSS
2. 10-year pension period (from age 60) under PH-Korea SSA

- Sangayon sa patakaran ng SSS, kinakailangang magcontribute ang isang miyembro ng 10 taon upang makatanggap ng pension. Kung kulang ang hulog ninyo, ang makukuha niyo lang ay lump sum plus interes. Ito'y higit na mas maliit kung ikukumpara sa makukuha ninyong pension na siyang ibibigay kada buwan.

- Kung lump sum refund lamang ang makukuha ninyo, mahigit ilang



libo lamang ito. Samantalang ang equivalent amount ng pension ay aabot sa humigit kumulang 5 milyon. Dahil kapag may agreement na, ito ay lifetime. Simula 60 taong gulang hanggang sa inyong kamatayan ay may matatanggap kayo o ang inyong beneficiary ng kaukulang benepisyoy.

Q: Kung sakaling maipatupad na ang SSA, ano ang mangyayari sa binabayaran naming kukmin?

- Una sa lahat, hindi itatransfer ang contributions ninyo sa SSS. Ito ay mananatili sa NPS. Wala ni isang kusing ang ililipat sa SSS.

- Makukuha ninyo ito bilang **pension**. Sapagkat ito ay itatratong bilang pension, magkakaroon ito ng interes at mas malaki ang makukuha ninyong benepisyoy.

- Dahil ang requirement ng SSS ay 10 taong contribution, kung kunwari'y nakapagtrabaho na kayo ng 5 taon sa Pilipinas at 5 taon na rin kayong naghuhulog ng SSS, at 5 taon din kayong naghuhulog sa NPS, pagdating ng panahong makakatanggap na kayo ng pension, 5/10 ng pension ninyo'y manggagaling sa SSS at ang natitirang 5/10 naman ay manggagaling sa NPS.



4. Mutual Administrative Assistance

- Sa SSA, ang liaison agency ay ang SSS. Ibig sabihin lamang nito'y hindi na kailangang magfile ng claim ng NPS mismo. Sabay na lang ang pagfile ninyo ng claim para sa pension ninyo as a whole at ang SSS na ang mag-aasikaso nito.

III. Disadvantages & Advantages

1. Disadvantages:

- Once magratify na ang SSA, hindi na kayo makakakuha ng lump sum refund.
- Para maenjoy ninyo ang benepisyoy ninyo, kailangang maghintay kayo ng 60 taong gulang.

2. Advantages:

- Sa panahong hindi na kayo makapagtrabaho, may mapagkukunan pa rin kayo ng pagkakakitaan. Dahil buwan-buwan ay mayroon kayong makukuhang benepisyoy, hindi lamang mula sa SSS kundi pati na rin sa NPS.

- Sakaling mamatay kayo, patuloy pa rin na makakatanggap ng benepisyo ang inyong beneficiary.

IV. Iba pang Q&A

Q: Kung sakaling maaprubahan ang SSA, at hindi na namin makukuha ang lump sum refund, may nakahanda bang programa ang SSS para sa mga balikbayan OFWs? Ang kukmin ay siyang nagsisilbi naming "ipon" nang sa ganoon ay mayroon kaming panggastos habang naghahanap kami ng panibagong trabaho pagdating sa Pilipinas.


A: Hindi sakop ng SSS ang balikbayan program. Subalit may binubuong reintegration program ang DOLE at OWWA para sa mga balikbayans. Wala ring unemployment insurance ang SSS.

Alalahanin natin ang SSS at NPS ay mga pension institutions. Ibig sabihin, mas binibigyan nila ng importansya ang **pension** o ang long-term benefits at hindi ang short-term benefits.

Mayroong programa ang SSS para sa mga OFWs, ang **flexi-fund**. Para itong alkansya para sa mga OFWs. Withdrawable ito anytime at nagkakainteres ang perang inihuhulog ninyo sa flexi-fund. Ang monthly contribution ay Php1,560. Ang interest ay base sa 91-day T-bills o average rates of SSS short-term incentives, which one is higher.

Q: Kung kunwaring nagtake-effect na ang SSA, at nakapaghulog na ako sa SSS ng 10 taon, ngunit patuloy pa rin akong naghuhulog ng NPS by obligation, makukuha ko pa rin ba ang kinontribute ko sa NPS?

A: Hindi kabilang ang overlap contributions. Kung kaya't para makuha ninyo ang kaukulang contribution sa NPS, kailangang magdagdag pa kayo ng contributions sa SSS para mabuo ang required years of contributions ng NPS. Kaya't mas maganda kung mabuo ninyo ang requirement ng 2 institusyon upang magain ninyo ang full entitlement to both.



Q: Kung sakaling hindi ko makumpleto ang required years of contribution ng SSS, ano ang mangyayari sa mga naihulog ko na?

A: Makukuha niyo pa rin yun plus ang interest pagdating ninyo ng 60 years old. Ganundin ang sa NPS.

Q: Paano kung hindi ako member ng SSS, anong mangyayari sa NPS contributions ko?

A: Gaya ng nabanggit kanina, makukuha niyo lamang ito kung mabubuo ninyo ang required number of contributions ng NPS. Kung ayaw niyo namang maghulog sa SSS, wala kayong

makukuhang contributions.

Q: Hanggang kelan pa magbibigay ng lump sum refund ang NPS?

A: Hanggang hindi pa naaprubahan ang nasabing agreement. Subalit, gaya ng nabanggit kanina, maaari nilang itigil ang pagbibigay ng lump sum refund sangayon sa kanilang patakaran.

KUNG MAYROON PA KAYONG KATANUNGAN O NAIS LINAWIN, MAKIPAG-UGNAYAN SA EMBAHADA NG PILIPINAS SA KOREA.